

STOP

HATE

NOW

Ang NYPD ay nandito para sa inyo, sa mga pamayanang Asyano na naninirahan sa lungsod ng New York. Kailangan namin ang inyong tulong upang matigil ang mga “Hate Crime” o mga “Krimen ng Pagkamuhi.”

-Kung kayo ay biktima o naging saksi. Nakikiusap kami na makipag ugnayan sa pulis ukol sa mga “Hate Crime” o mga “Krimen ng Pagkamuhi.” Ng upang makapagsagawa ng wastong imbestigasyon ukol sa krimen upang maiwasan magkaroon ng iba pang biktima at ang trauma na dulot nito. Ang isang krimen ng pagkamuhi ay kung ikaw ay inaasinta ng isang tao, grupo ng dahil sa iyong lahi o etnisidad, nasyonalidad, relihiyon, kasarian, edad, kapansanan ng katawan o kaisipan, kasarian, oryentasyong sekswal – ayon ng itinukoy ng pinunong opisyal ng Hate Crime Task Force ng NYPD.

Kalayaan sa Pananalita kumpara sa Krimen ng Pagkamuhi

-Ang kalayaan sa pananalita ay protektado ng garantiyang ibinigay ng Konstitusyon. Lahat ay may karapatang magsalita o magbatid ng pananaw nang hindi nangangambang gagantihan o isesensura ng pamahalaan. Ang “hate crime” o mga “krimen ng pagkamuhi” ay mga kriminal na pagkakasala na ang motibo ay sa pangkalahatan, ang pagpili ng mga biktima batay sa maling paniniwala, o pagkamuhi sa iba ng may sala. Sila ay hinihimok ng pagkapanatiko at kawalang-paraya sa iba at itinuturing na seryosong bagay.

Ano ba ang NYPD’s Hate Crime Task Force?

-Ang Hate Crime Task Force ay isang grupo ng mga detektib na responsable sa masigasig na imbestigasyon ukol sa mga insidenteng bias sa buong lungsod ng New York. Karagdagan, ang mga dalubhasang imbestigador nagmula sa Asya ay laging nandirito 24 oras, handang tumulong at mag-salin ng wika at magbigay ng tulong at karapat dapat na serbisyo para sa mga biktima.

Paano naman ang istado ng aking imigrasyon?

-Ang NYPD ay hindi nagsasagawa ng serbisyong pang-imigrasyon. Ang mga pulisya ng lungsod ay tumutugon lamang sa pag-sugpo ng krimen at pagtulong sa mga biktima sa pagkamit ng hustisya. Ang mga pulis ay hindi magtatanong tungkol sa katayuan ng inyong imigrasyon.

Paano iulat ang “Hate Crime” o mga “Krimen ng Pagkamuhi”?

-Para iulat ang kaganapan, tumawag lamang ng 911, o makipag ugnayan agad sa inyong local na kagawaran ng pulisya. At kung kailangan ng tulong o karagdagang impormasyon para sa mga biktima ukol sa pagpapayo, payong ligal, pangangalagang kalusugan, pinansyal at sa pagsasampa ng ulat ng isang bias na kaganapan o krimen ng pagkamuhi, tumawag lamang sa numerong (646) 610-5267 or Email to ASIANHCTF@NYPD.ORG



NYPD
New York City Police Department



DETECTIVE BUREAU
Hate Crime Task Force